# Sinuman ang mabigyan ng pagsubok sa mga babaing ito,sa kahit anong bagay,at naging mabuti siya para sa kanila,gagawin silang panangga para sa kanya,mula sa Apoy ng Impiyerno

Ayon kay `Ā’ishah, malugod si Allāh sa kanya.-siya ay nagsabi:Pumasok sa akin ang isang babae at dala niya ang dalawang anak niya.siya ay nanlilimos,subalit wala siyang natagpuan sa akin maliban sa isang dateles,Ibinigay ko ito sa kanya,hinati ko sa kanyang dalawang anak,at hindi siya nakakain nito,Pagkatapos ay tumayo siya at lumabas.Pumasok ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa amin,at ipinaalam ko ito sa kanya,Nagsabi siyang: ((Sinuman ang mabigyan ng pagsubok sa mga babaing ito,sa kahit anong bagay,at naging mabuti siya para sa kanila,gagawin silang panangga para sa kanya,mula sa Apoy ng Impiyerno))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan. Ang pananalita ay kay Imām Al-Bukhārīy]

Pumasok kay `Aishah -malugod si Allah sa kanya-ang isang babae at dala nito ang kanyang dalawang anak,at siya ay nanlilimos.Nagsabi siya: Wala siyang natagpuan sa amin maliban sa isang dateles,Nagsabi siya:Ibinigay ko ito sa kanya,hinati ko ito sa dalawang anak niya nang dalawang hati,at ibinigay niya ang isang kalahati ng dateles,at ibinigay niya sa pangalawa ang ikalawa ang ibang kalahati ng dateles,at hindi siya kumain rito kahit kaunti.Pumasok ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-kay `Aishah,At ipinaalam niya na ito ay kakaibang kuwento at nakakamangha.Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-"Sinuman ang mabigyan ng pagsubok sa mga babaing ito,sa kahit anong bagay,at pinagbuti niya ito para sa kanila,gagawin silang panangga para sa kanya,mula sa Impiyerno" At hindi nauunawaan mula sa sinabi niya-pagpalain siya ni Allah at paangalagaan-:" Sinuman ang mabigyan ng pagsubok" ang masamang pagsubok,Subalit ang nais ipahiwatig nito ay:Sinuman ang maitakda sa kanya,Tulad ng Sinabi ni Allah-Pagkataas-taas Niya: (At kayo ay aming susubukan sa kasamaan at kabutihan,at kayo sa Amin ay babalik) [Al-Anbiya:35],Ibig sabihin: Sinuman ang maitakda sa kanya ang dalawang batang babae,at pinabuti niya silang dalawa dalawa,Sila ay magiging pangharang para sa kanya mula sa Apoy sa Araw ng Pagkabuhay.Ibig sabihin ;Tunay na si Allah-Pagkataas-taas Niya ay maghaharang sa kanya laban sa Apoy,dahil sa pagbubuti niya mga batang babae.Dahil ang batang babae ay mahina,at walang kakayahang maghanap-buhay.At ang [dapat] na naghahanap-buhay ay ang lalaki,Nagsabi si Allah-Pagkataas-taas Niya: ( At ang kalalakihan ang tagapangalaga at tagapanustos ng kababaihan,sapagkat ito`y dahilan sa ipinagkaloob ni Allah sa lalaki na higit sa iba [babae].at sapagkat sila ay gumugugol sa kanilang kayamanan) [ An-Nisa:34]